Red Rock Canyon National Conversation Area

Mga Oportunidad na Panlibang

Ang Visitor Center ay mayroong eksibit sa labas at loob, isang bilihan ng pangregalo, sinehan at mga banyo na mayroong tubig. Ang mg de-boteng tubig at mga inuming panglaro ay maaaring mabibili dito. Ang Scenic Drive ay iisang daanan na may haba na 21 na kilometro (13 na milya) na mayroong paradahan na mayroong magandang tanawin at mga trailhead. Ang mga hiking trail ay nagsisimula sa madali hanggang mahirap na nasa iba't ibang mga trailhead. Mayroong mga primitibong banyo sa iba't ibang paradahan. Walang tubig na maiinom sa Scenic Drive.

Ang Red Rock Canyon ay isang lugar na kilala sa buong mundo para sa mga rock climber. Mayroong bouldering, panglaro at mga multi-pitched na mga daanan para sa lahat ng antas ng ekspiryensya ng pag-akyat.

Ang pagtakbo at pagbibisekleta sa daaanan ay pinahihintulutan sa Scenic Drive. Magiingat para sa mga ito at sa mga hayop. Ang Mountain biking ay pinapayagan malapit sa Blue Diamond at Cottonwood Valley. Ang pagtingin sa mga hayop ay pinakamagandang gawin sa umaga at gabi. Ang pagtingin sa Wildflower ay pinakamagandang gawin tuwing tagsibol at sa mga buwan ng maagang tag-init. Ang pagsakay sa mga kabayo ay pinapayagan sa mga piling trail. Ang mga trailer ay maaaring pumarada sa White Rock, Willing Spring at sa labasan ng Scenic Drive na paradahan para mapuntahan ang mga trail para sa pangangabayo.

Ang mga permit ay kinakailangan para sa mga kasalan, mga komersyal na photo shoot at mga aktibidad para sa malalaking grupo (higit sa 15 katao). Makipagugnayan sa Visitor Center para sa karagdagang impormasyon.

Kaligtasan

Mag-iingat sa paligid ng mga mababangis na hayop na iyong makikita. Huwag pakainin ang mga ito at huwag silang tatalikuran dahil maari silang mangagat, manipa, makalason o makasakit. Mag-ingat kung saan ilalagay ang iyong mga kamay at mga paa upang maiwasan ang mga ahas, insekto, gagamba, alakdan at mga butiki.

Huwag hawakan o pumitas ng mga halaman; maraming mga halaman ang may tinik at maaaring makasugat sayo.

Magdala ng tubig bago pumunta sa Scenic Drive. Magdala ng hindi baaba sa isang litrong tubig kada isang tao sa inyong grupo. Kung kayo ay nagpaplanong mag-hiking, magdala ng maraming litro ng tubig kada tao.

Basahin ng mabuti lahat ng deskripyon ng mga trail at huwag ito tahakin kung ito ay lagpas sa iyong kakahayan. Magsuot ng sombrero at salaming pang-araw, magagaang damit, maglagay ng sunscreen at magsuot ng matibay na sapatos. Mas mag-iingat kapag ikaw ang bibisita tuwing matindi ang araw sa tag-init.

Mga Tampok na Sinaunang Panahon

Sa katulad sa mga nakapalibot na disyerto, ang Red Rock Canyon ay mayroong maliliit na bukal at mga basin na sumasalo sa mga natural na tubig (tinajas). Ang tubig ay tumutulong sa mga halaman at hayop na mabuhay sa malupit na kapaligiran. Ang mga Southern Paiutes, mga Ancestral Puebloan at iba pang mga grupo ng mga Native American ay ginagamit ang lugar na ito upang mangolekta ng tubig at pagkain.

Mga Roasting Pit

Ang mga roasting pit ay mga mahihirap na lugar na hugis bilog na may mga nasunog na batong limestone na ginamit ng mga Native American upang magluto ng mga pagkaing halaman at hayop. Ito ay nagiiba iba sa laki simula sa maliliit at mababang mga bilog hanggang sa malalaking patong-patong na umaabot ng ilang metro ang taas. Ito ay matatagpuan malapit sa paradahan/mga trailhead sa Sandstone Quarry, White Rock at Willow Spring.

Rock Art

Ang rock art ay mayroong dalawang klase: petroglyphs at mga pictograph. Ang mga petroglyphs ay mga nakutkut o naukit na mga marka sa ibabaw ng bato. Ang mga pictograph naman ay mga disensyo na ipininta sa ibabaw ng bato na may maliwanag na kulay. Maaari niyong makita ang mga rock art panel sa mga paradahan/mga trailhead sa Red Spring at Willow Spring.

Mga Tampok na Euro-Cultural

Spanish Trail

Ang Spanish Trail ay naitaguyod noong 1829-1830 bilang ruta ng kalakalan para sa mga mananaliksik galing sa Santa Fe hanggang Los Angeles. Ang mga parte nito ay dadaan sa Red Rock Canyon. Noong naitaguyod ang Spanish Trail, ginamit ito ng mga mananaliksik, mga mangangalakal, mga minero, mga relihiyosong grupo at mga naninirahan upang makarating mula o papunta sa California.

Mormon Road

Noong 1840, ang mga Mormon ay nagdala ng mga kalakal at naglakbay sa daanan na tumatawid sa Red Rock Canyon. Ang daanan na ito kumukonekta sa sa Salt Lake City at California at naging sikat na daanan ng kariton.

Ranching at Mining

Noong mga huling taon ng 1800s at huling taon ng 1900s, ang mga tao ay nagalaga ng mga baka at tupa at nagtanim malapit sa First Creek, Pine Creek at Calico Basin. Ang pagmimina ng sandstone at nangyari sa Sandstone Quarry samantala ang pagmimina ng pilak ay nangyari sa La Madre Spring. Ang pagmimina ng gypsum ay nangyari sa isang lugar na malapit sa nayon ng Blue Diamond.

Geologic History

Sa Ilalim ng Dagat

Mga 542 to 251 milyong taon na nakalipas (Paleozoic Era), ang Red Rock Canyon ay nasa ilalim ng karagatan. Maraming mga hayop na nakatira sa ilalim ng tubig at nakaiwan ng mga malalaking deposito ng kabibi at mga kalansay. Ang mga depositing ito ay bumuo ng makakapal na patong ng limestone.

Pagbuo ng Land Mass

Itinaas ng mga puwersa ng tectonic ang mga limestone na nasa sahig ng karagatan papunta sa taas ng dagat na nagresulta sa isang dry land. Ang mga bundok na nakikita natin ngayon ay resulta ng paggalaw ng mga plate na ito.

Ang buhangin ay nagsimulang mapunta sa lugar na ito noong mga 180 na milyong taon ang nakalipas na nagbuo ng mga mala-higanteng mga sand dune. Tumulong ang ulan upang maging matigas ang mga dune at maging sandstone rock. Ang bakal ay nagbigay sa mga bundok ng sandstone na ito ng kulay pula at kulay kahel.

Thrust Fault Line

Ang Keystone Thrust Fault ay isang fracture sa pang- ibabaw na parte ng mundo kasama ang mga naglagay ng puwersa na nagresulta sa pagtupi ng mga batong nakapatong-patong. Ito ay nagresulta sa mga lumang limestone na bato na magpakita sa taas ng mga bagong mga batong sandstone kung saan hindi ito normal sa mga layer ng sedimentary.

Erosion

Mayroong epekto sa mga bundok ang kombinasyon ng init, temperaturang nakakapagpayelo , hangin, ulan at pagbaha. Ang mga puwersang ito na tawag ay erosion o pagguho ng lupa ay bumabasag sa malalaking bato sa malilit na bato, gumagawa ng mga bitak, nagpapakinis sa dulo ng mga bundok at nagpapatuloy sa paghugis ng mga bundok ngayon.

Mga Uri ng Bato/Mineral

Ang **Bonanza King Limestone** (gray mountain) ay makikita sa lugar na ito. Ito ay nabuo sa sahig ng karagatan at gawa sa calcium carbonate at sa mga labi ng mga sinaunang buhay sa dagat. Ito ang dahilan kung bakit ang limestone ay isang magandang mapagkukunan ng mga fossil.

Ang **Aztec Sandstone** ay makikita sa Southwest na kilala rin sa pangalan na Navajo Sandstone. Ang pormasyon na ito ay may katigasan at pinoporma ang mga prominenteng mga talampas (red mountains) sa Red Rock Canyon.

Ang mga **Concretion** ay mga natural na nangyayaring deposito ng mga iron oxide sa sandstone. Ito ay pumuporma bilang haligi o hugis globo at nagiging mga pulang tuldok o kayumangging bola na bato sa malalaking bato.

Ang mga **Fossil** ng mga coral, crinoids, blue-green bacteria at mga sponge ay matatagpuan sa Red Rock Canyon. Ang mga bakas ng paa ng mga dinosaur, mammal at insekto ay nakita sa sandstone. Ang petrified wood ay makikita rin. Pakiusap, kumuha lamang ng mga litrato at huwag alisin ang mga fossil at iba pang relic.

Graffiti

Ang graffiti ay paglabag sa batas at maaaring maparusahan ng pagbayad ng malaki o pagkakakulong. Pakiusap, huwag guhitan, umukit o tapyasan ang mga bato, palatandaan o mga puno.